



PATNUBAY SA MISA



22 Nobyembre 2020

Dakilang Kapistahan ni Kristong Hari

Taon A

PAGTATAPOS NG TAON NG EKUMENISMO
HULING LINGGO NG TAONG LITURHIKO "A"

SI KRISTONG HARI NG PAG-IBIG PARA SA KAPWA-TAO

Tayo ay nagdiriwang ng Dakilang Kapistahan ni Kristong Hari ng Sanlibutan. Ang talagang luklukan ni Kristong Hari ay ang puso ng tao. Ang kanyang paghahari ay makikita sa pag-ibig na nananahan sa puso ng kanyang alagad para sa kanyang kapwa-tao. Ang pag-ibig ay hindi isang pakiramdam na nagpapabilis ng tibok ng puso. Ito rin ang mainit na pakiramdam na nagdadala ng pamumula ng pisngi. Ang dalisay na pag-ibig na ikinikintal ng Diyos sa puso ng tao ay ang mabisang pagtugon sa pangangailangan ng kapwa – ang kapwang nagugutom at nauuhaw, ang kapwang walang maisuot at walang matuluyan, ang kapwang may sakit at nasa piitan. Ang pagpapasya ng Panginoon para sa kaligtasan o kapahamakan ay nakabatay sa iisang bagay lamang. Ito ay ang pagmamahal sa kapwa-tao. Anumang kasalanang nagawa ng tao ay mapagtatakpan ng pagmamahal, dahil “ang pagmamahal ay pumapawi ng maraming kasalanan” (1 Pedro 4:8).



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang korderong inialay ay marapat paghandugan ng kadakilaa't dangal, pagkilala't pagpupugay, siya'y Haring walang hanggan.

Pagbati

P– Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristong Hari ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P– Tayo ay binigyan ng Diyos ng yaman para gumawa ng mabuti sa kapwa. Para sa ating pagiging sakim, humingi tayo ng kapatawaran. (Manahimik saglit.)

P– Para sa aming kakulangan ng

pananampalataya sa iyong kakayahang maghari sa sanlibutan, Panginoon, kaawaan mo kami!

B – Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Para sa aming kawalan ng pag-asa sa paglaganap ng iyong kaharian ng pag-ibig sa puso ng lahat ng nananalig sa iyo, Kristo, kaawaan mo kami!

B – Kristo, kaawaan mo kami!

P– Para sa aming pag-ibig na hindi kayang tugunan ang matinding pangangailangan ng aming kapwa-tao, Panginoon, kaawaan mo kami!

B – Panginoon, kaawaan mo kami!

P– Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at dalhin tayo sa buhay na walang hanggan.

B – Amen!

Papuri

B – Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin,

sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P– Ama naming makapangyarihan, sa iyong Anak na pinakamamahal at Hari ng sanlibutan niloob mong pag-isahin ang tanan. Idulot mong ang tanang kinapal na

pinalaya sa kaalipinan ay makapaglingkod sa iyong kadakilaan at makapagpuri sa iyo nang walang humpay sa pamamagitan ni Hesu-kristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B— Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Ez 34:11-12. 15-17

Ang Panginoon bilang mapagmahal na Pastol ang siyang mangangalaga sa kanyang kawan at tutugunan ang kanilang mga pangangailangan. Ngunit siya rin ang maghuhukom sa lahat at maghihiwalay sa mga tumatalima sa kanyang kalooban at sa mga hindi nagpapahalaga sa kanyang mga pagnanais.

L— Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Ezekiel

Ito ang ipinasasabi ng Panginoong Diyos: “Ako mismo ang maghahanap at mag-aalaga sa aking mga tupa.

Kung paanong hinahanap ng pastol ang tupa niyang nawawala, gayon ko hahanapin ang aking tupa. Kukunin ko sila saanman sila itinapon noong panahon ng kanilang kasamaan. Ako mismo ang magpapastol sa kanila at hahanap ng kanilang pahingahan. Hahanapin ko ang nawawala, ibabalik ang nalalayo, hihilutin ang napilay, palalakasin ang mahihina, at babantayan ang malulusog at malalakas. Ibibigay ko sa kanila ang kailangan nilang pagkain.

Sa inyo, aking kawan, ito ang sinasabi ko na inyong Diyos na Panginoon: Ako ang magiging hukom ninyo. Pagbubukurin ko ang mabubuti’t masasama, ang mga tupa at ang mga kambing.”

Ang Salita ng Diyos!

B— Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan Awit 22

B— Pastol ko’y Panginoong D’yos, hindi ako magdarahop!

R. M. Velez



Pas-tol ko’y Pa-ngi-no-ong D’yos,



hin- di a-ko mag-da-ra-hop!

* Panginoon’y aking Pastol, hindi ako magkukulang. Ako’y pinahihimlay sa mainam na pastulan. **B.**

* At inaakay niya ako sa tahimik na batisan, binibigyan niya ako niyong bagong kalakasan. At sang-ayon sa pangako na kanyang binitiwang, sa matuwid na landasi’y doon ako inaakay. **B.**

* Sa harapan ng lingkod mo, ikaw ay may handang dulang; ito’y iyong ginagawang nakikita ng kaaway. Nalulugod ka sa akin na ulo ko ay langisan at pati na ang kalis ko ay iyong pinaapaw. Tunay na ang pag-ibig mo at ang iyong kabutihan, sasaaki’t tataglayin habang ako’y nabubuhay; doon ako sa templo mo lalagi at mananahan. **B.**

Ikalawang Pagbasa I Cor 15:20-26.28

Ang kamatayan ni Hesus sa krus ang nagpatunay ng kanyang dakilang pag-ibig. Subalit ang kanyang pag-ibig din ang gagapi sa kamatayan at magtatanghal sa kanya bilang Hari ng sanlibutan. Mapasama nawa tayo sa mga pinaghaharian ni Kristo.

L— Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Mga kapatid: Si Kristo’y muling binuhay bilang katibayan na muling bubuhayin ang mga patay.

Kung paanong dumating ang kamatayan sa pamamagitan ng isang tao, gayundin naman, dumating din ang muling pagkabuhay sa pamamagitan ng isang tao. Sapagkat kung paanong mamamatay ang lahat dahil sa kanilang kaugnayan kay Adan, gayundin naman, mabubuhay ang lahat dahil sa kanilang kaugnayan kay Kristo, ngunit ang bawat isa’y sa kanya-kanyang takdang panahon: si Kristo ang pinakauna sa lahat; pagkatapos, ang mga kay Kristo sa panahon ng pagparito niya.

At darating ang wakas, pagkatapos malupig ni Kristo ang lahat ng kaharian, pamahalaan at kapangyarihan; at ibibigay niya sa Diyos at Ama ang paghahari. Sapagkat si Kristo’y dapat maghari hanggang sa malupig niya at lubusang mapasuko ang kanyang mga kaaway.

Ang kahuli-hulihang kaaway na kanyang pasusukuin ay ang kamatayan. At kapag ang lahat ay nasa ilalim na ng kapangyarihan ni Kristo, ang Anak naman ang pailalim sa

kapangyarihan ng Diyos na naglagay ng lahat ng bagay sa ilalim ng kapangyarihan niya. Sa gayon, lubusang maghahari ang Diyos sa kalahat-lahatan.

Ang Salita ng Diyos!

B— Salamat sa Diyos!

Aleluya Mc 11:9-10

B— Aleluya! Aleluya!

Pagpalain dumarating sa ngalan ng Poon natin, paghahari’y kanyang angkin.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita Mt 25:31-46

Ang dakilang talinghagang huling paghuhukom ang nagdiditin ng kahalagahan ng pagmamahal sa mga pinaghaharian ni Kristo. Hindi lamang ang gumagawa ng masama ang nagkakasala. Ang nagkukulang din sa paggawa ng mabuti ay dapat lamang parusahan ng walang hanggang paghihirap. Mapabilang nawa tayo sa mga tupa sa gawing kanan ng Dakilang Hukom.

P— Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo

B— Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad: “Darating ang Anak ng Tao bilang Hari, kasama ang lahat ng anghel, at luluklok sa kanyang maringal na trono. Sa panahong iyon, matitipon sa harapan niya ang lahat ng tao. Sila’y pagbubukud-bukurin niya, tulad ng ginagawa ng pastol sa mga tupa at mga kambing. Ilalagay niya sa kanyang kanan ang mga tupa, at sa kaliwa ang mga kambing.

At sasabihin ng Hari sa mga nasa kanan, ‘Halikayo, mga pinagpala ng aking Ama! Pumasok na kayo at manirahan sa kahariang inihanda para sa inyo mula pa nang likhain ang sanlibutan.

Sapagkat ako’y nagutom at inyong pinakain, nauhaw at inyong pinainom. Ako’y isang dayuhan at inyong pinatuloy. Ako’y walang maisuot at inyong pinaramtan, nagkasakit at inyong dinalaw; ako’y nabilanggo at inyong pinuntahan.

Sasagot ang mga matuwid, ‘Panginoon, kailan po namin kayo nakitang nagutom at aming pinakain, o nauhaw at aming pinainom? Kailan po kayo naging dayuhan at aming pinatuloy, o kaya’y walang maisuot at aming pinaramtan? At

kailan po namin kayo nakitang may sakit o nasa bilangguan at aming dinalaw?' Sasabihin ng Hari: 'Sinasabi ko sa inyo: nang gawin ninyo ito sa pinakahamak sa mga kapatid kong ito, ito ay sa akin ninyo ginawa.'

At sasabihin naman niya sa mga nasa kaliwa, 'Lumayo kayo sa akin, mga isinumpa! Kayo'y pasaapoy na di-mamamatay, na inihanda para sa diyablo at sa kanyang mga kampon. Sapagkat ako'y nagutom at hindi ninyo pinakain, nauhaw at hindi ninyo pinainom. Ako'y naging isang dayuhan at hindi ninyo pinatuloy; ako'y nawalan ng maisuot at hindi ninyo pinaramtan. Ako'y may sakit at nasa bilangguan at hindi ninyo dinalaw.'

At sasagot din sila, 'Panginoon, kailan po namin kayo nakitang nagutom, nauhaw, naging dayuhan, nawalan ng maisuot, maysakit o nasa bilangguan, at hindi namin kayo pinaglingkuran?' At sasabihin sa kanila ng Hari, 'Sinasabi ko sa inyo: nang pagkaitan ninyo ng tulong ang pinakahamak sa mga ito, ako ang inyong pinagkaitan.'

Itataboy ang mga ito sa kaparusahang walang hanggan, ngunit ang mga matuwid ay tatanggap ng buhay na walang hanggan."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B– Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa

banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Hingin natin sa Diyos na lumakas ang ating pag-ibig sa ating kapwa at magtamasa ng ligayang walang katapusan. Para sa bawat kahilingan ang ating itutugon ay:

B –Amang bukal ng pag-ibig, dinggin Mo ang aming panalangin!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, upang pangunahan nila ang kanilang kawan sa pagmamahal nang lubos sa kapwa at sa pagtugon sa kanilang mga pangangailangan sa buhay, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, lalo na sa panahong ito ng *Covid-19 pandemic*, upang maging tunay ang kanilang pagmamalasakit sa mga pangangailangan ng ating mga kababayan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa lahat ng mga kumikilos sa ating mga pagamutan at nagsisikap na sugpuin ang pagkalat ng *Covid-19*, at para na rin sa mga kawani ng pamahalaang nagpapanatili ng kaayusan sa ating lipunan, upang ang pagmamahal sa kapwang ipinamamalas nila ay suklian ng Diyos ng ligayang walang katapusan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa ating lahat ng mga Kristiyano, upang sa Taong ito ng Ekumenismo ay lumago tayo sa pag-ibig sa kapwa at ito ang maging mabisang daan tungo sa panunumbalik ng pagkakaisa sa Simbahan, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Para sa ating lahat nanalangin sa Linggong ito, upang ang pagtatapos ng Taon ng Simbahan ay magdulot sa atin ng pagtatapos din ng ating kasakiman at pagiging makasarili, manalangin tayo sa Panginoon! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P –Ama naming mapagmahal, isugo Mo sa amin ang Espiritung pag-ibig upang ang aming mga puso ay tunay na pagharian ng Iyong bugtong na Anak na nag-alay ng buhay upang tugunan ang aming matinding pangangailangan at siyang maluwalhatang naghahari sa sanlibutan, si Hesukristong aming Panginoon.

B –Amen!



P –Manalangin kayo . . .

B –Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P –Ama naming Lumikha, sa paghahain namin ng mga alay sa ikapagkakasundo ng sangkatauhan iniluluhog naming ang iyong Anak nawa'y magbigay ng mga kaloob na pagkakaisa at kapayapaan sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

Prepasyo ng Kristong Hari

P –Sumainyo ang Panginoon!

B –At sumaiyo rin!

P –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

B –Itinaas na namin sa Panginoon!

P –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

B –Marapat na siya ay pasalamatan!

P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Hinirang mong tagapaghain ng tanan ang iyong Anak na Panginoon ng sanlibutan. Pinadalo mo sa kanya ang langis ng kasiyahan tanda ng paghirang mong pangmagpakailanman. Sa paghahaing ginampanan niya sa krus siya ang dalisay na tagapagbuklod, siya ang gumanap sa aming pagkatubos, siya ang sumakop sa sansinukob. Ang kanyang paghaharing lagi sa lahat ay siyang lubusang naglalalahad ng iyong kadakilaang matapat upang buhay mo'y sa lahat maigawad. Sa paghahari niya, lahat ay hina-

hatian sa iyong kagandahang-loob at kabanalan, sa iyong dangal at kapayapaan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B– Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

P–Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin . . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B– Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinaabang

P– Ito si Hesus, ang ating Panginoon at Hari, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Maghahari kailanman ang Panginoon sa tanan. Pagpapala'y ibibigay ng Poon sa kanyang bayan upang tana'y matiwasay.

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, kaming pinapakinabang mo sa pagkaing nagbibigay-buhay ay nagsusumamong kaisa niyang makapamuhay sa kaharian sa

langit magpakailanman pakundangan sa karangalang sundin ang mga kautusan ng Haring si Kristo sa sanlibutan sa pamamagitan Niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!



P– Sumainyo ang Panginoon.

Ang Pagpapaliwanag ng Turo ng Ikalawang Konsilyo Vaticano hinggil sa Ekumenismo

(P. René T. Lagaya, SDB)

Ang turo ng Ikalawang Konsilyo Vaticano hinggil sa Ekumenismo ay napapaloob sa Dokumentong pinamagatang *Unitatis redintegration* (Ang Panunumbalik ng Pagkakaisa) na pinagtibay noong ika-21 ng Nobyembre 1964. Ang Ikatlo at huling Kabanata nito ay may labindalawang bilang. Ang tinatalakay nito ay ang mga Simbahan at pamanang napahiwalay sa Simbahang Katoliko. Ito ay may dalawang bahagi. Ang ikalawa ay tungkol sa tamang pananaw sa ating mga napahiwalay na kapatid sa Kanluran. Ang ikadalawangpu't apat na bilang ay nagpapahayag ng malaki at matibay na pag-asa ng Ikalawang Konsilyo Vaticano sa Diyos para sa panunumbalik ng pagkakaisa sa iisa at tanging Simbahang itinatag ng Panginoong Hesukristo.

IKATLONG KABANATA: ANG MGA SIMBAHAN AT PAMAYANANG KRISTIYANONG NAPAHIWALAY SA ROMA

IkalawangBahagi: ANG MGA SIMBAHAN AT PAMAYANANG NAPAHIWALAY NA NASA KANLURAN

“Ngayon, pagkatapos nitong maikling paglalalahad ng mga pagkakataong dapat pag-ukulan ng pansin para sa panunumbalik ng pagkakaisa, at pati na rin ang mga batayan dapat maging gabay sa gawaing ito, ay tumingin tayo sa hinaharap nang buong tiwala. Hinihimok nitong banal

B–At sumaiyo rin!

P– Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B–Amen!

P– Humayo kayo sa kapayapaan at itayo ang Kaharian ni Kristo sa ating lipunan.

B– Salamat sa Diyos!



na Konsilyo ang lahat ng mga alagad na umiwas sa anumang pahapyaw at may kabaliwang pagsisikap, dahil ito ay maaaring makasira sa tunay na pag-usad tungo sa pagkakaisa. Ang kanilang paggawa para sa panunumbalik ng pagkakaisa ay dapat maging tunay at taos-pusong Katoliko; samakatUwid, tapat sa katotohanang tinanggap natin sa mga Apostol at sa mga Ama, at talagang kaayon sa pananampalatayang laging ipinahahayag ng Simbahang Katoliko, at kasabay nito ay patungo sa kaganapang ninanais ng Panginoon para sa paglago ng kanyang Katawan sa paglipas ng panahon.”

“Itong banal na Konsilyo ay matibay na umaasang ang mga sinimulan ng mga anak ng Simbahang Katoliko, kasama ng mga pagsisikap ng ating mga napahiwalay na kapatid, ay uusad, na hindi hahadlangan ang mga pamamaraan ng Pangangalaga ng Diyos at mga udyok ng Espiritung Banal sa hinaharap. Dagdag pa rito, itong Konsilyo ay nagpapahayag na batid niyang ang banal na layunin – ang pagkakasundo ng lahat ng mga Kristiyano sa pagkakaisa ng iisa at tanging Simbahan ni Kristo – ay higit sa lakas at kagalingan ng tao. Kaya inilalagay niya ang kanyang buong pag-asa sa panalangin ni Kristo para sa Simbahan, sa pag-ibig ng Ama para sa atin, at sa lakas ng Espiritung Banal. ‘Hindi tayo nabibigo sa ating pag-asa, sapagkat ang pag-ibig ng Diyos ay ibinuhos sa ating mga puso sa pamamagitan ng Espiritu Santo na ipinagkaloob na sa



WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 8894-5401; 8894-5402; 8892-2169 • Telefax: 8894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Vergara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: J. Feliciano • Circulation: R. Saldua